Municipality of JASPER

Munisipalidad ng Jasper

# GABAY SA PAGLIKAS

## MAGING HANDA SA NAPAKALAKING SUNOG

**ALAMIN ANG MGA PANGANIB. GUMAWA NG PLANO. KUMUHA NG KIT.**

## Gamitin ang patnubay na ito upang ihanda ang iyong planong pang-emergency at ang emergency kit.

Sa oras ng panganib, napakadaling maging malito o magpapanik.

Ang paghahanda ng iyong planong pang-emergency at emergency kit nang maaga ay makakatulong sa iyong pagiging pokus at mabilis na pagkilos kung kinakailangan ang iyong paglikas.

Municipality of JASPER

## MANATILING MAALAM

Pumunta sa www.jasper-alberta.com at mag-sign up upang makatanggap ng mga alerto kapag may kagipitan o emergency sa pamamagitan ng text o email.

I-download ang Alberta Emergency Alert app sa iyong telepono at itakda ang iyong lokasyon sa Jasper.

Bisitahin ang getprepared.ca at www.jasper-alberta.com para sa karagdagang impormasyon at mga mapagkukunan.

## ALAMIN ANG MGA PANGANIB

Sa mga nagdaang taon, ang mga mountain pine beetles ay nakapatay ng libu-libong mga puno sa paligid ng Jasper, na nakataas ng panganib sa sunog sa ating komunidad.

Sa kaganapan ng isang malaking sunog, ang mga unang tagatugon o first responder ay magiging abala sa paglaban sa sunog. Dapat kang maging handa upang alagaan ang iyong sarili at ang iyong pamilya ng hindi bababa sa 72 oras. Ang iyong kakayahang maging independiyente ay magbibigay tulong para makagaan at upang matulungan ang mga mas nangangailangan.

## GUMAWA NG ISANG PLANO

Makisama sa iyong pamilya at mga mahal sa buhay at gawin ang iyong planong pang-emergency ng magkasama. Tiyaking naiintindihan ng lahat ang mangyayari at ano ang dapat gawin sa kaganapan ng isang malaking emergency.

Punan ang plano ng paglikas sa susunod na pahina kasama ng iyong pamilya. Kapag nakumpleto na, gumawa ng kopya o kumuha ng larawan ng plano, at itago ang isang kopya sa iyong emergency kit. Ang bawat isa ay dapat may paraan ng pagkuha sa mahalagang impormasyong ito kung sakaling kayo ay magkakahiwalay. Tandaan na ang mga cell phone at internet ay maaaring walang signal habang may emergency.

Bisitahin ang getprepared.ca at pindutin ang "**gumawa ng isang plano**" at saka "**gawin ang iyong planong pang-emergency sa pamilya sa online**" para sa isang template na may detalyadong planong pang-emergency.

Kung kailangan mo ng tulong sa paglabas sa iyong bahay, makipagtulungan sa iyong pamilya, mga kaibigan o sa Community Outreach Services upang makagawa ng isang plano. Tumawag sa 780-852-2100 o dumaan sa 627 Patricia Street, Lunes hanggang Biyernes sa pagitan ng 9:00 a.m. at 4:30 p.m.

## PLANO SA EMERGENCY

**Nakatira kami sa evacuation zone:** ______________________

**Huling na-update:** ______________________

**Ang mga ligtas na labasan ng ating tahanan at komunidad ay:**

*(Pumili ng maraming mga labasan para sa bawat isa. Iguhit ang mga ruta kung kinakailangan)*

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

**Kung kailangan nating lumikas, magkikita tayo sa:**

*(Pumili ng lokasyon sa labas ng Jasper, at isulat ang tirahan o address at direksyon kung kinakailangan)*

______________________

______________________

______________________

______________________

______________________

### Mga Alagang hayop

Kung kailangan nating lumikas, ito ang gagawin natin sa ating (mga) alagang hayop:

______________________

______________________

______________________

## Impormasyon sa kalusugan at mga contact

| Pangalan | Health Care # | Telepono # |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

## Emergency contact sa labas ng bayan

**Kung sakaling tayo ay magkakahiwalay, ang ating contact sa labas ng bayan (out-of-town) kapag may emergency ay si:**

*(Pumili ng isang tao na nakatira sa labas ng Jasper, kung sakaling ang linya ng telepono ay nawala, ang bawat miyembro ng pamilya ay tatawagan ang taong ito upang mahanap ninyo ang isa't isa)*

Pangalan: ______________________ Relasyon: ______________

Telepono sa bahay#: ___________ Cell phone #: ______________

## Mga Bata: Tagapag-alaga o contact kapag may emergency

**Si nous ne pouvons pas aller chercher nos enfants à l'école ou à la garderie, notre tuteur ou personne-contact d'urgence est :**

*(Makipag-usap sa ibang mga magulang o miyembro ng pamilya at ayusin ito nang mas maaga. Tiyaking naibigay ang impormasyong ito sa paaralan o daycare)*

Pangalan: ______________________ Relasyon: ______________

Telepono sa bahay#: ___________ Cell phone #: ______________

## Mga Tala

______________________________________________

______________________________________________

## KUMUHA NG KIT

Bumuo ng isang emergency kit at itago ito sa lugar na madaling makuha kung kailangan mong lumikas. Itago ang iyong kit sa isang backpack, maleta o batya, at panatilihing magaan ito upang madaling mabuhat sa iyong sasakyan. Tiyaking pinapanatili mo ang sapat na gasolina isa iyong tanke upang makalabas ng bayan sa lahat ng oras.

### Mga bagay na dapat dalhin sa huling minuto

- [ ] Pitaka: pagkakakilanlan, mga credit card at pera
- [ ] Cell phone at charger
- [ ] Salamin at contact lens
- [ ] Mga gamot
- [ ] Susi ng kotse

#### Mga bagay na mailalagay sa iyong emergency kit

- [ ] *Anim na litro ng tubig sa bawat tao (may kasamang maliit na bote)*
- [ ] Kopya ng iyong plano sa emegency, pati na ang numero ng mga emergency contact
- [ ] mga talaan ng reseta sa iyong parmasyutiko, kung kinakailangan
- [ ] Tatlong araw na supply ng hindi nabubulok na pagkain sa bawat tao *(Palitan minsan sa isang taon)*
- [ ] Mga pampalit na damit, magsama ng ekstrang mainit-init na damit. *(sombrero sa taglamig, guwantes)*
- [ ] Mga ekstrang susi ng kotse
- [ ] Kit para sa pangunang lunas
- [ ] Mga flashlights sa bawat miyembro ng pamilya
- [ ] Radyo na pinapatakbo ng baterya at mga ekstrang baterya o isang wind-up na radyo
- [ ] Kopya ng mga importanteng dokumento, *(Mga sertipiko ng kapanganakan, Mga pasaporte, Mga tala ng seguro at bangko)*
- [ ] Mga pagkain ng alagang hayop at tubig

## Mga karagdagang suplay na dapat isaalang-alang


- [ ] Mga kandila at posporo o lighter
- [ ] Mga toiletries at mga gamit para sa personal na kalinisan
- [ ] Pang-sanitize ng kamay, tisyu, at bag para sa basura
- [ ] Mga aktibidad para sa mga bata tulad ng mga libro o laruan
- [ ] Mga pangunahing kasangkapan at duck tape
- [ ] Maliit na kalan na pinapatakbo sa gasolina at ekstrang gasolina
- [ ] At iba pang mga gamit sa kamping

Kung may oras pa, isaalang-alang ang pag-impake ng mga larawan ng pamilya at iba pang mga bagay na hindi mapapalitan, mga personal na kompyuter, mga impormasyon sa hard drive, mga laptop, at mga kurdon sa pag-charge, at mga madaling madalang mahahalagang bagay.



## MGA PAGLILIKAS

Ikaw ay sasabihan ng maaga ng mga potensyal na paglilikas hangga't maaari. Dapat kang gumawa ng pagkusa upang manatiling may kaalaman at kamalayan. Mga ruta sa paglikas, oras at ang mga apektadong lugar ay magbabago depende sa sitwasyon. Ang mga sona sa paglilikas o evacuation zones ay maaaring pinasadya, ngunit sa kaganapan ng isang malaking sunog, ang isang malawak na paglikas sa isang komunidad ay mas malamang na mangyari.






**Panatilihing puno ang iyong tangke ng gasolina ng sasakyan sa lahat ng oras at laging nakahanda ang emergency kit na dadalhin.**

Kapag nag-umpisa ang isang sunog, lumisan ng maaga para sa iyong sariling kaligtasan at upang maiwasang mahuli sa apoy, usok o kasikipan sa daan o trapik.

**Ang Munisipalidad ng Jasper ay maglalabas ng dalawang uri ng mga abiso. Alamin ang pagkakaiba!**

### ALERTO SA PAGLIKAS

Ang isang **Alerto sa Paglikas** ay nagsasabi sa mga tao na maghanda ng isang paglisan, Kung ikaw ay nakahanda ng umalis at makalikas ng maaga, mangyaring gawin ito.

### UTOS NA PAGLIKAS

Sinasabi ng isang **Utos na Paglikas** na agad na lumikas ang mga tao.Maaari itong mangyari sa mga pangyayari kung saan kaunti o walang oras upang maabisuhan, o kasunod ng isang Alerto sa Paglikas.

Kung may isang sunog na nagaganap ngunit walang kinakailangang paglikas, ang mga impormasyon sa mga kaganapan ay ipapa-alam. Kung ikaw ay kailangang lumikas, gumawa ng isang plano na bumisita sa pamilya o kaibigan na nakatira sa labas ng Jasper, o mag-kamping!

## PAANO LUMIKAS



Ang Jasper ay nahahati sa maraming mga sona ng paglilikas (evacuation zones). **Alamin kung saang sona ka nakatira, aling sona ang pinapasukan ng iyong mga anak sa paaralan, at aling sona ang pinagtatrabahuhan mo.** Gagamitin ng mga unang tagatugon o first responders ang mga sona na ito upang makilala ang mga bahagi ng bayan na dapat na lumikas. Ang mga sona sa paglilikas ay maaaring matukoy, ngunit sa panahon ng isang malaking sunog, ang isang malawak na paglikas sa isang komunidad ay mas malamang na mangyari.



Kung kailangan mo ng transportasyon, pumunta sa lugar ng pagtitipon na pinakamalapit sa iyong bahay o lugar ng trabaho. Magbihis ng akma sa panahon at dalhin ang iyong emergency kit. Mangyaring tandaan na maaaring hindi ka makakabalik sa iyong tahanan.




Kung mayroon kang sasakyan at maaaring magsakay ng pasahero, dumaan sa lugar ng pagtitipon bago ka lumisan.

Ang Munisipalidad ng Jasper ay mag-aayos ng transportasyon para sa mga tao na nagpulong sa lugar ng pagtitipon.

## MUNISIPALIDAD NG JASPER

# Mga Sona sa Paglilikas



# LISTAHAN NG PAGLIKAS SA BAHAY

Kung may oras pa, sundin ang mga hakbang na ito upang maprotektahan ang iyong tahanan bago ka lumikas.

## Sa loob ng bahay

- [ ] Isara ang lahat ng mga bintana at mga pintuan, at ikandado ang pinto bago ka umalis.
- [ ] Alisin ang mga panakip sa liwanag o shade sa mga bintana at mga kurtina
- [ ] Isara ang mga metal shutter kung mayroon ka nito
- [ ] Ilipat ang mga kasangkapan sa bahay sa gitna ng silid, malayo sa mga bintana at mga pintuan
- [ ] Patayin ang gas sa metro at patayin ang mga pilot light.
- [ ] Patayin ang Aircon

## Sa Labas

- [ ] Ipunin ang mga kasangkapan sa patio, laruan ng mga bata, basurahan, atbp.mula sa labas ng bahay at dalhin ang mga ito sa loob o ilagay ang mga ito malayo sa mga gusali at halaman.
- [ ] Patayin ang mga tangke ng propane
- [ ] Ilayo ang mga barbeque propane sa mga gusali
- [ ] Ikonekta ang mga hose ng hardin para magamit ng mga bumbero
- [ ] Huwag iwanan nakabukas ang mga sprinkler o hayaang dumadaloy ang tubig dahil maaari itong makaapekto sa kritikal na presyon ng tubig.
- [ ] Iwanan ang mga ilaw sa labas na nakabukas.

# MAGING HANDA SA **NAPAKALAKING SUNOG**

**ALAMIN ANG MGA PANGANIB**
**GUMAWA NG PLANO**
**KUMUHA NG KIT**

Bisitahin ang **getprepared.ca** at **www.jasper-alberta.com** para sa karagdagang impormasyon at mapagkukunan.

---

**Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-ugnay:**

**Jasper Fire Department**
780-852-1595

**Christine Nadon, Information Officer**
780-852-4724 or cnadon@town.jasper.ab.ca

**Community Outreach Services**
780-852-2100 or community@town.jasper.ab.ca